# Sen. Imee namahagi ng AICS sa Cavite P.4

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 52 10.00 SEPT. 25 - OCT. 1, 2023

## PCO's media information literacy campaign gets HREP"s Ndd

The Presidential Communications Office (PCO) has earned the approval and support of the House of Representatives on its Media and Information Literacy (MIL) campaign, which will primarily target equipping teachers in state universities and colleges (SUCs) to combat fake news, misinformation and disinformation.

Marikina City's 2nd district representative, Congresswoman Stella Luz Quimbo, PCO's budget sponsor, said that the agency is eyeing to expand

*See page 2*

ONE YEAR

*and counting*

# Maraming-maraming salamat po!

It's hard to believe that a full year has passed since our maiden issue of BANTAYBALITA came out on October 09, 2022.

Months has passed since that date, the management and staff took the goal of publishing 365 days in a row.

Our founder Sir Henry E. Caoile and pubisher Sir Domz B. Caoile said that publishing this paper was not an easy first months.

"Mahirap, ang daming kailangang ihanda, editorial office, pagkuha ng balita, reporter at mga permit, BIR, DTI registration, licenses at siyempre, logistics, pambayad sa printing, at iba pa," said Sir Domz.

But he added, the journey into the community paper publishing business has been extremely rewarding.

Despite the many problems, the challenges every week and month, the Caolies had just as energized and excited: at ngayon, matapos ang maraming sakripisyo at pagod, eto na, umabot na sa Unang Taon ng anibersaryo ang BantayBalita.

The most rewarding part of this journey into the world of community journalism were the hundreds of feedbacks -- good and bad -- we received.

To our dearest readers, patrons, supporters, friends in media and in business, the management and staff would like to say:

Maraming-maraming salamat po! /**JANETH W. BILBAO**

## Kotong cops, ireklamo: DG Acorda

Nanawagan si Philippine National Police (PNP) chief, Director General Benjamin Acorda Jr. na ireklamo ang mga tiwaling pulis na nangongotong at sangkot sa kriminalidad.

Sinabi ito ni DG Acorda kasunod ng utos noong Miyerkoles, Setyembre 20 sa alisin sa puwesto si Lt. Col. Ruther Saquilayan kasunod ng pagdakip sa dalawang sarhento sa kasong pangingikil.

Inalis ang hepe dahil sa one-strike policy at prinsipyong command responsibility.

Noong Martes ng umaga, Set. 19, inaresto sa isang bitag ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) sa Barangay Molino sina Senior Master Sgt. Joselito Bugay at Staff Sgt. Gregor Bautista at isang sibilyan, si John Louie de Leon,

Sa report, nakatakas sa bitag at nagtatago si Edralin Gawaran, hepe ng Bacoor City's Traffic Management Department.




Tatlong baril at maraming bala ang nakumpiska sa tatlong suspek.

Inilatag ang bitag at pagdakip bunga ng reklamo ng mga operator at driver ng pampasaherong sasakyan sa Bacoor na kinikikilan sila ng tropa ni Gawaran.

Umano, kumokolekta ng Php 1.5 milyon kada buwan ang mga suspek kapalit nang obligasyong hindi huhulihin sa kahit anong paglabag sa trapiko.

Sa reklamo, kumokolekta ng aabot sa Php170,000 sa bawat transport group.

Umano, ang nalilikom na kotong na salapi ay para sa mga opisyal ng Bacoor traffic management department at ilang tao na kasabwat sa pangingikil.

Ayon kay CIDG chief Maj. Gen. Romeo Caramat Jr. iniimbestigahan pa ang ilang indibidwal na kasabwat ng mga suspek. /**JANETH W. BILBAO**

*Sundan sa pahina 8*



## Sara Duterte thanks House solons for sponsoring OVP budget

Daghang salamat!

In a statement released Thursday September 28, Vice President sara Duterte-Carpio after the House of Representatives sponsored her office's 2024 budget.

She thanked Rep. Maricar Zamora of Davao de Oro Province for representing the OVP as the lead budget sponsor.

The VP tanked Zamora for upholding the OVP's mandate to serve the Filipinos and the country as the second-highest office of the land.

"The OVP is committed to serve and bring programs and projects with meaningful and lasting impact on the lives of Filipinos in Luzon, Visayas, and Mindanao. Daghang salamat," VP Duterte said.




EJ
PLAY AND CAMPGROUND

# Namigay ng libreng rubber shoes sa kaarawan niya ni Mayor Dino



Masaya ang mga "Batang Long Beach' sa regalong rubber shoes na ipinamigay ni Noveleta Mayor Dino Carlo Reyes Chua sa pagdiriwang ng kanyang kaarawan noong Huwebes, Setyembre 28.

Nakita sa Facebook page ni Mayor Dino na namigay siya ng gomang sapatos sa mga batang estudyante ng San Miguel Elementary School Annex sa Barangay San Rafael 4.

Makikita ang masayang ngiti ng mga batang nakatanggap ng regalo.

Sabi ng alkalde, mas minabuti niya na magregalo upang mapasaya ang mga bata.

Aniya: "Masaya akong makita ang mga ngiti ng mga batang ito na punong puno ng pag asal."

# Dating mayor ng Silang, pinakakasuhan

Inirekmenda ng Commission on Audit (COA) na kasuhan si dating Mayor Omil Poblete dahil sa natuklasan iregularidad sa paglalabas ng pondo sa 13 proyekto na hindi natapos.

Umano, ayon sa pagsusuri, nabayaran ang halaga ng 13 proyekto kahit hindi ito natapos ng kontratista.

Nailabas ang salapi, ayon sa pagsususri ng COA sa utos ng sating alkalde.

Sa pagtaya ng komisyon, umaabot sa humigit-kumulang na Php70 milyon ang banayaran sa 13 proyekto ng nakaraang administrasyon.

Nabatid na ang source ng balita na pinakakasuhan ang dating alkalde ay nagmula sa opisina ng alkalde ng Silang.

Noong nakaraang eleksiyon, tinalo ni Atty. Kevin Anarna si Poblete -- ang ama at kapatid ay nanungkulan mula 1995,

Sinusulat ang balitang ito, wala pang opisyal na pahayag si Poblete rekomendasyong ng COA na kasuhan siya. /BB



Mayor Kevin Anarna

# PCO's media... *from page 1*



Rep-Stella-Quimbo



Rep. France Castro

its target group for the campaign should Congress agree to increase its allocation in the succeeding years.

"Gusto po natin as broad-based as possible, kaya nga lang ang reyalidad, napakaliit po ng budget na nakalaan sa ngayon. Kaya ang first phase po natin ay state universities and colleges (SUCs). But, of course, with the generosity of Congress in the coming years, baka sakali po ay madagdagan ang ating target groups," she said.

ACT Teachers party-list Rep. France Castro, assured the PCO that she will support its efforts on the MIL campaign, and also agreed on the planned increased budget for it.

"Kaisa po ako ng PCO dito sa program na ito o project na proposed digital media and information literacy campaign at sumasang-ayon ako sa ating kagalang-galang na sponsor na madagdagan ang budget kaugnay noon. Ako po ay susuporta po sa mga ganoong panukala," she said.

The government's lead communications arm is proposing a P16.899 million allocation for its MIL campaign implementation from its P1.7 billion proposed budget for the year 2024.

"Ang approach is tuturuan natin ang ating mga teacher o equip natin ang ating mga teachers so, in short, training the trainors para in turn sila naman po ay matuturuan nila ang mga estudyante sa pagdiscern kung alin ang fake news at hindi fake news," said Quimbo.

The initiative was launched in August 14, 2023 with the Department of Education (DepEd), the Commission on Higher Education (CHED), the Department of the Interior and Local Government (DILG), and the Department of Social Welfare and Development (DSWD) as its key partners in the public sector.

The PCO is also set to collaborate with tech companies such as Google (YouTube), Meta (Facebook, Instagram, and Threads), TikTok, and X (formerly Twitter) in the project implementation. | PND

# Adolescent Health Education sa tahanan, isinusulong ng PopCom Cavite

**PIA-Cavite** – Naging matagumpay ang isinagawang Parent-Teen Talk ng Cavite Office of the Provincial Population Officer sa Calumpang National High School sa bayan ng Indang noong Miyerkules, Setyembre 13.

Sa pakikipagtulungan ng Indang Municipal Population Office, isa ang Parent-Teen Talk sa mga estratehiyang nakapaloob sa Adolescent Health and Development Program ng Commission on Population and Development.

Layon nitong magbigay ng mga panuntunan, tips, at suhestiyon kung paano mapag-uusapan ang adolescent health sa kanilang mga anak. | via Popcom Cavite FB Page



# Maraming salamat po sa inyong suporta at tangkilik sa BantayBalita!



REVANZE

by Domz B. CAOILE

Bakit ganito ang trato natin sa ating mga bayaning sundalo?

I am referring to the incident where r retired Colonel Ariel Querubin, a Medal of Valor awardee, was denied access to an airport's heroes lounge in Tugeugarao City.

With this, I joined Professor Clarita Carlos, former National Security adviser, who in her social media post about that incident: "A medal of valor Marine General refused entry to airport Heroes Lounge in favor of some Chinese bigwigs! Whoa!"

Teka, sino ba ang mga taong nangangasiwa sa Heroes Lounge na iyon sa Tuguegarao Airport na ang tingin e, mga bayani ang mga dignitaryo raw na Chinese?

Natural na madismaya si Medal of Valor Querubin na sinabi na mga baytani nga ba ng ating bansa ang mga taong mukhang Chinese na sa kanila inireserba ang Heroes Lounge!

"Are the Chinese the new heroes in this country? Definitely NOT!" Sir Querubin said.

Ano na ang aksiyong ginawa ni Civil Aviation Authority of the Philippines (CAAP) Airport Manager Mary Sulyn Sogorsor sa kabastusang ito sa ating mga bayaning sundalo?

"We must be in deep sh..!" naiinis na sabi ni Prof. Carlos kung pagsasabihan lang daw ang airport manager na ito sa pambabastos sa ating mga heneral at kay Medal of Valor awardee Sir Col. Querubin.

Kayong mga bossing sa Department of Transportation (DoTR()ang dami na nyong kapalpakan dyan, ha?

@@@

O siya, tama na at ipokus natin ang pasasalamat sa maraming katropa sa media na nagpahatid ng mga pagbati sa pagsapit -- sa isyung ito ng BantayBalita ng aming Unang Taong Anibersaryo.

Unang pasasalamat, sa aming katropa, Sir Ruel Francisco, ang beteranong journalist at hepe ng Philippine Information Agency (PIA) Cavite.

Salute, sa maraming news na isinulat mo na aming ginamit sa mga isyu ng ating BantayBalita, sa 'yo, marami kaming utang, pareng Ruel.



*Our Vancouver avid supporters --Kabsat Roemer Cablayan, BB Consultant Boss Eli Taparan, Katropa Reden Lumabi, at top real estate agent/broker JP Velasco*

From our brothers, kakabsat sa Vancouver, British Columbia na regular na nagbibigay ng very inspiring comments sa FB sa baway isyu ng BB, eto ang sabi ni Kabsat Roemer I. Cablayan,

"Congratulations on your incredible success, Ka Domz and to the whole team of BantayBalita. Akala namin, bibitaw kayo, I saw you and Daddy Eli (Taparan) work so hard every day to achieve this accomplishment. Kaya, cheers to you and all contributors, columnists and reporters for a job well done!" sabi ni Bro. Roemer.

"What an amazing accomplishment, Ka Domz. Iba ka talaga, katropa. We your katropa here in Vancouver, kasama ang aming kabayan basketball team manager at Vancouver top real estate agent/broker JP Velasco ay talagang hanga sa iyo. Congratulations on the amazing news! Ang galing nyo ni Lolo Eli," said tugang Reden Lumabi who has migrated to Vancouver five years ago.

Maraming salamat, kabsat Roemer at katropang Reden at Sir JP Velasco, sana makarating ako dyan balang araw.

Kay Bishop Eric I. Santos na madalas magpakape sa amin, maraming salamat sa iyong pagbati, sabi niya: "You and the whole team of BantayBalita truly earned this huge accomplishment. Imagine, after so many early mornings and late nights at your office working every week to put to bed BantayBalita, akalain mo, naka-isang taon na kayo. Happy One Year anniversary po!"

To madam Franz Orlain, our friend and publisher of Cavite Times Journal (CTJ) na noon ay nagsusulat sa kanyang pahayagan bilang kolumnista at contributor, nagpaabot din siya ng pagbati sa amin, sabi niya: "Congratulations, team Ka Domz and Kuya Eli. Your team is a perfect example of good partnership. We, your PAPI friends are proud of your achievements."

Sabi ni Lod Beltran, isang Security Consultant, ito ang sabi niya: "Mas maraming taon pa BantayBalita na ako ay maging isa sa sa inyong news reporter. Mabuhay po kayo, Sir Domz at Boss Eli."

Sa maraming katropa, kaibigan -- marami kasi kayo na nagpahatid ng pagbati sa aming Unang Anibersaryo, pakiramdam namin, nanalo kami ng isang malaking tropeo.

Yes, matapos ang isyung ito, kakayod na naman kami para sa susunod na taon na paglalakbay sa ating mundo ng community journalism, at sa ating mga kapatid, tagasuporta, mga tagapagtaguyod, umasa po kayo sa marami pang taon ng responsable, matapat at mapagkakatiwalaang pamamahayag.

Muli, maraming-maraming salamat, una po sa ating AMA sa patuloy na pagkakaloob ng buhay, lakas at paggabay sa amin.

Mabuhay po tayong lahat. (domzcaoile@yahoo.com)



*PIA Cavite chief Ruel Francisco*



*Security consultant Lod Beltran*

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

**HENRY E. CAOILE**
*Founder*

**DOMZ B. CAOILE**
*Publisher*

**ELI TAPARAN II**
*Editorial Consultant*

**ADELA R. ZAMORA**
*Special Projects Director*

**GENE TAPARAN TAN**
*Chief of Reporters*

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Sen. Imee namahagi ng AICS sa Cavite

Muling nagkaloob ng ayudang pinansiyal si Senadora Maria Imelda Josefa 'Imee' Marcos sa maraming residente ng mga bayan ng Amadeo at Maragondon sa Cavite noong Lunes, Setyembre 25.

Sa ilalim ng proyektong Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS), kasama ni Sen. Imee si Mayor Engr. Redel Dionisio na namigay ng tulong na salapi na halagang Php3,000 sa mahihirap na residente ng Amadeo.

Masayang sinalubong at niyakap ng mga residente ng Amadeo ang senadora sa pamimigay ng AICS na ginanap sa covered court ng munisipyo.

Sa Maragondon, malugod na tinanggap ni Mayor Lawrence 'Umbe' Arca si Sen. Marcos na sinamahan sa pamimigay ng ayudang AICS sa mahihirap na residente ng Barangay Garita na tumanggap ng Php3,000 bawat isa.

Itong AICS ay isang programa sa ilalim ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) na nagkakaloob ng serbisyo at tulong pinansiyal sa mga indibidwal o pamilyang dumaranas ng krisis sa buhay.

Ayon kay Sen. Imee, hindi lang tulong pinansiyal ang ibinibigay ng programa pati na ang ayuda sa edukasyon, pagpapagamot, kaloob na pagkain at iba pang uri ng tulong upang mappagaang ang dinadalang hirap sa buhay ng mahihirap na Filipino.

Malugod na pinasalamatan ni Mayor Redel ang pagbisita ni Sen. Imee, at kasunod nito, pinaalalahanan ng alkalde ang 1000 benepisyaryo na gamitin sa mabuting pangangailangan ang natanggap na ayudang AICS.

Gayundin, pinasalamatan ni Maragondon Mayor Umbe ang senadora sa malasakit sa 1000 mahihirap na residente ng Barangay Garita, at nagbilin na gugulin ang natanggap sa mas mahalagang pangangailangan ng pamilya.

Sa kanyang mensahe, sinabi ng senadora na ang ayudang AICS ay pagpapakita ng komitment ng gobyerno na maghatid ng kailangang tulong sa mga tao o pamilyang nasa krisis.

Kamakailan, nagkaloob rin ng ayudang AICS si Sen. Imee sa bayan ng Naic at iba pang bayan sa Cavite. **/DBC, GENE T. TAN**




*Masayang tinanggap at pinasalamatan ni Mayor Umbe Arca ang ayudang ipinamigay ni Sen. Imee Marcos para sa mahihirap na residente at pamilya ng bayan ng Maragondon.*



*Kalinga sa mga nanay na bagong panganak at may inaalagaang sanggol at mga nagbubuntis ang binigyan ng tulong medikal sa idinaos na Buntis Congress kamakailan sa Lungsod ng Bacoor. Sa larawan, kasama ni Mayor Strike Revilla ang nabiyayaan ng kalingan sa kalusugan na isa sa prioridad ng kanyang administrasyon.*

# Dumalo sa Buntis Congress tumanggap ng tulong

Masayang ibinalita ni Bacoor City Mayor Strike Revilla na 200 nagbubuntis at mga bagong panganak ang nabigyan ng tulong na sa idinaos na Buntis Congress noong Lunes, 25, 2023.

Katuwang ang City Health Office (CHO) at City Social Welfare and Development (CSWD), sinabi ng alkalde na laging prioridad ng pamahalaang lungsod na mabgyan ng tugon ang pangangailangan ng mga nagbubuntis at mga bagong panganak na kasapi sa programang F1K.

Bukod sa financial assistance, tumanggap ang mga dumalo sa Buntis congress ng Buntis Kit, Vitamins, Free Hepa B screening, Free HIV screening, Free Syphilis screening, Free Dental Exam, Free Natal Check-Ups at marami pa,

Ilang doktor ang nagbigay ng lektyur at mahahalagang payo sa mga nanay at mga nagbubuntis upang mahusay na maharap ang mga responsibilidad bilang ina.

Kapwa nagbigay ng mensahe at suporta sinaVice Mayor Rowena B. Mendiola at Bacoor City District Rep. Lani Mercado-Revilla at nagpasalamat sa pagmamalasakit ng pamahalaang lungsod sa mga nanay at nagbubuntis.

Pinasalamatan ni Mayor Strike ang mga doktor at mapagkawanggawang personalidad na nagbigay ng libreng gamutan at mga kailangang gamit ng mga miyembro ng F1K.

Sila ay sina Dra. Annie Francisco ng Paranaque Ultrasound and Diagnostic Center, Ms. Cynthia Aballe ng Value Care Laboratory and Diagnostic Center, Ms. Michelle T. Jose ng Jose Torres Medical Lab Services and Diagnostic Center;

Ms. Cresencia Jesalva, Ms. Minda Leonardo ng Pure Health Diagnostic Center, Ms. Cristina O. Elato, RND, MSC - Nutrition Officier, Ms. Emilie De Castro - City Population Officer, Ms. Myrna Domingo Health Probe Diagnostic Clinic, at si Dra. Ivy Marie C. Yrastorza.

Sa taong ito, lalong pinalalakas ni Mayor Revilla ang programang F1K ay programa para makatulong sa mga kababayang Bacooreño. /**ELI Taparan**


## *Best wishes, mabuhay!*

CPPLI CAVITE PROVINCE PUBLISHERS LEAGUE, INC. 2014

On behalf of the Cavite Province Publishers League, Inc. (CPPLI), I would like to express my sincere and heartfelt congratulations to the **BantayBalita News Publishing Services** on its First Year Anniversary.

Your editorial and management team proved to be one of the fast growing Filipino-English weekly paper in our historical province of Cavite.


**BantayBaita** has been a great vehicle of dissemination of reliable information on our local and national government policies and on this this commemorative occasion, we, members of CPPLI wish Bantay Balita team greater success in times to come.

Ipagpatuloy n'yo ang paghahatid ng makabuluhang balita, impormasyon at nawa, lalo pang lumaganap ang naaabot ng inyong pahayagan sa ating lalawigan at iba pang rehiyon.

Best wishes, mabuhay!




**(Sgd.) REBECCA M. VELASQUEZ**
President, CPPLI




## *Magandang Buhay!*

Nais kong batiin ang mga taong nasa likod ng matagumpay na pagpapalaganap ng babasahin, ang BANTAYBALITA, mula sa kanilang Editorial Consultant/ Editor Sir Eli Taparan, Founder Sir Henry E. Caoile, Publisher Sir Domz B. Caoile at sa kanilang mga kasama sa patnugutan sa kanilang inilaang oras, sakripisyo , husay at talento upang sa bawat linggo, sa loob ng isang taon ay mapanatili ang pahahatid ng mahahalagang balita at impormasyon sa ating mamamayan.

Nawa ay tumagal pa ang inyong publikasyon ng maraming taon upang mapalawig pa ninyo ang inyong mithiin na makapagpalaganap ng makatotohanan, mas malawak na impormasyon at balita ng iba't ibang pangyayari, gawain at mga aktibidad sa ating lalawigan para sa makatotohanan at mapusong paglilingkod!

Mabuhay ang **BANTAYBALITA**!



**GREGORIA S. ATAS**
EPS-SGOD
DepEd Cavite Province

# Sen. Imee, mapagmahal na Ate ng Bayan



Senator Imee Marcos

Napapansin ba nyo, ibang-iba ang ate ni Pres. Bongbong Marcos Jr.

Maraming isyu na hayagan niyang ipinakikita ni Senadora Imee Marcos na may policy ang nakababatang kapatid na hindi siya pabor, at nakita ito sa nangyaring rally noong Martes, Setyembre 26 sa harap ng Finance Building.

Nakisali si Ate Imee sa panawagan ng mga nag-rally na rice farmers at fisherfolks na mag-resign si Finance Secretary Benjamin Diokno na sa paniniwala ng marami, kasama kami sa kolum na ito, na may patakarang anti-poor ang economic team ng Pangulo.

Sa mga balitang lumabas sa social media at iba pang media outlet, tinatawa ni Sen. Imee ang mga rallyista na kanyang mga 'kaibigan,' at nakita ang senadora sa sigawan at panawgan kay PBBM na pagbitiwin si Diokno.

Ay, ang tawag nga kay Finance Sec ay si Joke No.

Kasi nga, nagpanukala si Diokno na ibaba pa at gawing 10%-0% ang tatripa sa iniimportang bigas mula sa dating buiws na 35%.

E, bakit nga naman gagawin ito, kaya sabi ni Ate Imee, suportado niya ang mga rallyista: " Lahat ng kaibigan natin na mambubukid, mangingisda – lahat ng nanggaling sa Northern Luzon hanggang sa Central Luzon pati barkada galing Southern Luzon andito po."



SA TOTOO LANG!

by GENE T. TAN

Sa panayam ng mga reporter, sinabi ni Sen. Imee na naroroon siya upang magbigay ng suporta sa mga rallyistang nais na alisin ni PBBM sa Gabinete si Diokno.

"Nakikisuporta lang ako. May dala akong tubig, nagdala na rin ako ng tinapay palibhasa wala nang bigas, ayan, para lang makatulong sa kanila tutal hindi papayag si Bongbong dito. Sigurado ako diyan dahil lagot tayo sa tatay ko," sabi ni Imee na tinutukoy ang kanyang ama si dating Pres. Ferdinand Marcos Sr. Imee added.

Kasi raw, noong panahon ng tatay nila, sagana ang ani ng palay sa bansa, at maniniwala ba kayo, isa ang Filipinas sa malakas na mag-export ng bigas.

Malaki ang subsidy sa patubig, binhi, pataba sa magsasaka na ibinigay ang dating presidente, ayon na rin sa mga kuwento ng matatandang farmers na nakakausap ko rito sa aming bayan ng Naic.

Yung plano ni Dioko, sabi ni Ate Imee ay anti-poor, lalo na mga magsasaka.

"Bakit naman sila mag-i-import ngayon? Pambihira naman,"sabi ni Imee na idinugtong, "Malakas ang kita kapag imported, ano ba?"

Oo nga naman, kung kailan masagana ang ani, mai-iimport ng bigas na mas mababa pa ang taripa o buwis sa Customs.

At alam nyo ba, mabait at malapit sa tao si Ate Imee at nasaksihan natin ito nang mag-cover kami sa pamimigay ng ayuda sa Amadeo at Maragondon. at take note, makuwela pala ang ate ni PBBM .

Yung panukala ni Ate Imee na maagang bigyan ng cash gifts ang mga seniors na umabot sa edad 80 at 90, naipasa na sa Senado, at balita natin, ang pondo para rito ay isinaman sa 2024 national budget.

Tama ang sabi niya na bihira na ang umaabot sa edad na 100, kaya maaga pa lang bigyan na ng cash gifts ang ating mga nakatatanda.

Kaya ako at ang aking pamilya, sa mid term elections sa 2025, iboboto ko si Ate Imee, kasi makamahirap siya -- siya ay mapagmahal na Ate ng Bayan!

Aanhin nga naman ang damo, kung patay na ang kabayo!

At sa mga bumati at nagpapadala ng congratulatory messagers sa pagsapit ng One Year Anniversary ng BantayBalita, sarap naman, kaya maraming-maraming salamat po sa inyo. (sarfia926@gmail.com)



*Mandin ay nahihiya, tinakpan ng apat na suspek ang kanilang mga mukha na inaresto sa isang illegal drug buy bust ng mga tauhan ng CPPO. Sa larawan, ang nakumpiskang mga supot ng marijuana at ilan pang ebidensiya na iniharap na ng pulisya sa piskalya.*

# Php264,000 halaga ng marijuana nasamsam sa apat na suspek

September 26 --- Apat na suspek ang dinakip sa isang illegal drug buy bust ng magkasamang puwersa ng Cavite provincial police office drug enforcement unit (CPPO-PDEU) at ng Dasmarinas City police station (DCPS) bandang 5.10 ng hapon sa Barangay Paliparan 3, Dasmarinas City.

Sa ulat ni police Capt. Michelle P. Bastawang, hepe ng CPPO public information office (PIO), nabatid na ang operasyon ay pinamunuan ni police Capt. Michael V. Legaspi Jr. at mga pulis ng DCPS at ng mga tauhan ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA).

Nakilala ang mga inaresto na sina Jayson Trilles Sapatua, Rayver Sarmiento Benosa, Mark Glenn Rabino Cuante at Noel Niegas Ordonez.

Nakumpiska sa kanila ang limang (5) supot ng plastik na may lamang tuyong dahon at tangkay ng marijuana, dalawang (2) android cellphone, isang (1) itim at asul na bak pack at ang buy-bust money.

Sa pagsusuri, tumitimbang ng 2200 gramo ang nakumpiskang marijuana na tinatay na may halagang Php264,000.

Nagpanggap na bibili ng marijuana sina police corporal Ariel Mairiboho at Patrolman Florante na umarest sa mga suspek na sinampahan na ng kasong paglabag sa mga batas laban sa pag-iingat at pagbebenta ng ilegal na droga.

Sa matagumpay na operasyon, pinuri ni CPPO director Colonel Eluterio Mercado Ricardo Jr. ang tropa ni Capt. Legaspi, kasunod ang utos sa buong puwersa ng pulisya ng Cavite na paigtingin pa ang kampanya laban sa pagkakalat at pabebenta ng ilegal na droga at iba pang kriminalidad sa lalawigan. /**JANETH W. BILBAO**

CITY OF DASMARIÑAS

EMERGENCY HOTLINES

EMERGENCY OPERATIONS CENTER
(046) 435-0183 0917 721-8825
(046) 481-0555 0998 8435477
(046) 686-6608 0908 8185555

BUREAU OF FIRE PROTECTION
(046) 416-0875 0995 336-9534
(046) 424-2537 0992 448-7857

PHILIPPINE NATIONAL POLICE
(046) 416-0254 0929 665-9533
(046) 424-2924 0998 598-5595
0956 800-3329

MERALCO
0917 551 6211 0920 971-6211

AMBULANCE CENTER
0998 566-5555

# We made it!... *mula sa p.8*

dating kasama sa Kapitolyo ng Cavite sa nakaraang mga taon na hanggang ngayon ay hindi nakalilimot sa akin.

Hindi ko na kayo papangalanan, alam na nyo ang mainit kong pasasalamat sa inyo a ang dalangin, ang Amang Pinkadakila at Makapangyarihan sa lahat ang siyang magsusukli ng inyong kabutihan at pagmamahal sa akin.

As we celebrate this milestone, I want you and the BantayBalita news team to know how happy I am and I look forward to our newspaper's success in the coming years.

Congratulations once again on this wonderful achievement and my wish for many more years of successful publications!

Maraming-maraming salamat po sa ating mambabasa na patuloy sa pagtangkilik sa bawat isyu ng pahayagang BantayBalita!

We made it, mabuhay tayong lahat! (arzmedia777@yahoo.com)




## ERRATUM

THIS IS TO CORRECT THE ENTRY MADE ON DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT WITH WAIVER OF RIGHTS OF EULALIO REYES DELA REA WHO DIED ON MARCH 1, 1981 IN MANILA AND ERLINDA RECUTER GO WHO DIED ON JANUARY 30, 2018 IN QUEZON LEFT A PARCEL OF LAND COVERED BY CERTIFICATE OF TITLE NO. P- 3757 IN SAN VICENTE SILANG, CAVITE ( 410 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG THE LEGAL HEIRS, WHICH IS PUBLISHED ON SEPTEMBER 4, II & 18 SHOULD BE CORRECT AND READ AS DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT WITH WAIVER OF RIGHTS. NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE EULALIO REYES DELA REA, WHO DIED ON MARCH 1,1981 IN MANILA, AND ERLINDA RECUTER GO WHO DIED ON JANUARY 30, 2018 IN QUEZON, LEFT A PARCEL OF LAND COVERED BY ORIGINAL CERTIFICATE OF TITLE NO, P-3757 SITUATED IN BRGY. SAN VICENTE, SILANG CAVITE ( 7,552 ) SQM. ORIGINAL CERTIFICATE OF TITLE NO. P- 3759 SITUATED IN SAN VICENTE SILANG, CAVITE ( 410 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG THE LEGAL HEIRS. EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. ROLANDO G. CAMPOS UNDER DOC. NO. 200 PAGE NO. 41 BOOK NO. 08 SERIES OF 2023 NOTARIZED DATE AUGUST 31, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 25, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE SPS. RUFINO ANGLO And EULALIA ANGLO

Notice is hereby Given that the estate of the late spouses **RUFINO A. ANGLO And EULALIA A. ANGLO,** Who Died on AUGUST 15, 1993 and October 5, 1983 in maragondon and Naic, cavite. Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-45898 Situated in Barrio of Caputatan, Municipality of Maragondon, Cavite ( 13,133 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs, Executed before notary public atty. Jose R. Bawalan, under DOC. No. 243 Page No. 49 Book No. II Series of 2023 Notarized Date February 14 2022

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 25, OCTOBER 2 & 9, 2023**

## EXTRA JUDICIAL PARTITION OF THE ESTATE OF THE LATE MARIO F. GUEVARA

Notice is hereby Given that the estate of the late **MARIO F. GUEVARA,** Who Died on October 21, 2001. At indang Cavite, Left a parcel of Land covered By Tax Declaration No. AA-10-0018-00049 Containing an area of ( 1,353 ) SQM. Located at Cayquit 3, indang, Cavite, 113 portion of the Said property ( 451 SQM. )Tax Declaration No. AA-10-0018-00050 Located at Cayquit 3, indang, cavite Containing an area of ( 425 ) SQM. Tax Declaration No. AA-10-0001-00593 Containing an area of ( 1,144 ) SQM. Located at pob. 1, indang, Cavite. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs, Executed before atty. Jose R. Bawalan under DOC. No. 52 Page No. 11 Book No. VII Series of 2023 Notarized Date: May 11. 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 11, 18 & 25, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH DONATION

Notice is hereby Given that the estate of the late **BENJAMIN GARCIA FELIPE SR.** Who Died on November 18, 2011 and NORMA SALVADOR FELIPE Who Died on August 11, 2014 at Las piñas city Left a parcel of Land with improvement covered By transfer certificate title No. ( 422063 ) T- 15529-A Situated at Bo. Talon municipality of Las piñas ( 180 ) SQM. Extra JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs. Executed before notary public atty. Jasper C. Sales under DOC. No. 40 Page No.9 Book No 14 Series of 2023 Notarized Date: September 21, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 25, OCTOBER 2 & 9, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DECEASED PERSONS: SPS. NERIO DIMAANO RONQUILLO SR. and ESTELITA LALAMUNAN RONQUILLO With Deed of Absolute sale

Notice is hereby Given that the estate of the DECEASED Spouses **NERIO DIMAANO RONQUILLO SR.** Who Died Last September 26, 1996 at Lipa city Batangas, and **ESTELITA LALAMUNAN RONQUILLO** Who Died Last December 17, 2021 at Lipa city Batangas Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-85807 Situated in the BRGY. of Calingatan, Municipality of Mataas na kahoy, Batangas ( 225 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs Executed before notary public atty Fe B. AÑONUEVO under DOC.No. 251Page No. 51Book No. 155Series of 2023 Notarized Date: August 21, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 18, 25, OCTOBER 2, 2023**

## DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF LATE HORACIO HOLGADO OCAMPO WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby Given that the estate of the late **HORACIO HOLGADO OCAMPO** Who Died on September 29, 2019 at BRGY. Niogan, taal, Batangas that the said Deceased Left ( 4 ) parcels of Land Located at at Butong, taal, Batangas particularly described as follows. Title No. T-14785 (80) SQM. TITLE No. T-14786 (88) SQM. Title No. T- 14787 (80) SQM. Title No. T- 14788 (88) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs. Executed before notary public atty. Edwin M. Layug under DOC. No. 167 Page No. 34 Book No. ( III Series of 2022 Notarized Date: December 09, 2022

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 25, OCTOBER 2 & 9, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS.

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **JULITA HOLGADO VDA. DE OCAMPO** Who Died on November 21, 2010 in BRGY. niogan, taal, Batangas, That Deceased person Left a parcel of Land with Building and improvement Situated in brgy. Niogan, taal, batangas, Described as follows. Tax Declaration of Real property No. 27- 0023-00063 ( 297 ) SQM. Tax Declaration of. Real property No. 27-0023-00064 Residential BLDG. With a floor area of ( 67.50 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs, Executed before atty. Erwin M. Layug under DOC. No. 167 Page No. 34 Book No. ( III Series of 2022 Notarized Date: December 09, 2022

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 25, OCTOBER 2 & 9, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT

Notice is hereby Given that the estate of the late spouses **ONOFRE LUMAGUI and ISIDRA R. LUMAGUI** Who Died on December 19, 2009 and September 20, 2010 that the said spouses Left a parcel of Land covered transfer certificate title No. T-832895 Situated in pasong Camachile. municipality of Gen. Trias, Containing an area of ( 20,068 ) SQM. Transfer certificate of TITLE No.T- 129 2808 Situated in Bo. Pasong Camachile, Gen.trias, Cavite Containing an area of ( 36 ) SQM. Transfer certificate TITLE No. T-1073013 Situated in Bo. Pasong Camachile, Gen.trias, Cavite, Containing an area of ( 1,162 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs Executed before notary public atty. Christopher P. Columna under DOC. No. 521 page No.106 Book No.25 Series of 2021 Notarized Date February 18. 2021

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 11, 18 & 25, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH PARTITION ( ESTATE OF JUANA SIERRA RAMOS )

Notice is hereby Given that the estate of **JUANA SIERRA RAMOS,** Who Died on August 11, 1989 at indang, cavite Left a parcel of Land covered By Tax Declaration No. 10-0014-00177 Containing an area of ( 50,959 ) more or Less Located at Calumpang Lejos, indang, Cavite Covered By Lot No. 8510- B CAD- 459. Survey No. CSD-04-014887-D EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs Executed before notary public atty. FE B. AÑONUEVO under DOC. No. 491 page No. 99 Book No. 185 Series of 2023, Notarized Date: September 8, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 11, 18 & 25, 2023**

# Cheers, more happy birthdays, Sen. Bong



Kasama ang magandang maybahay, Congresswoman Lani Mercado-Revilla, simple pero masayang ipinagdiwang ni Sen, Ramon 'Bong" Revilla Jr. ang ika-57 taong kaarawan noong Lunes, Setyembre 25.

Ipinagdiwang din ng senador ang ika-50 taon ng maraming tagumpay ng senador bilang arista at prodyuser sa industriya ng etertainment sa bansa.

Kilala na premyadong aktor sa pelikula at telebisyon, tumanggap si Bong ng maraming pagkilala, tropeo at karangalan sa FAMAS, PMPC at iba pang samahang nagbibigay karangalan sa magagaling na artista ng pelikulang Filipino.

Sa larawan, masayang binati si Sen. Bong ng kanyang mga anak at kapamilya.

Cheers, at mas marami pang taon ng tagumpay, kalihayagan at natatanging paglilingkod sa bayan at mamamamayang Filipino./BB


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 52 10.00 SEPT. 25 - OCT. 1, 2023


# We made it!



## Sa Ganang Akin

by Adela R. ZAMORA

What can I say, kundi, congratulations on completing on our One Year of publishing BantayBalita weekly paper! Tuwang-tuwa ako, kasi sa unang isyu ng pahayagang ito, hanggang sa sumunod na una, dalawa, tatlo at ngayong dumating na tayo sa ika-52 linggo ng paglalathala, I am proud to say that I have been a part of this journey and effort of our publishers, Ka domz and Kuya Eli, our editor who both supported me as one of your columnists.

Nagpapasalamat ako at labis na natutuwa na naging saksi ako sa paglaki ng BantayBalita sa unang mga isyu nito, how the paper grow and evolve, and I am very proudre proud to have played, even a small a role in that growth.

I have witnessed our publisher's commitment to providing accurate, insightful, and engaging content that is why BantayBalita has continued to become one of the fastest growing weekly paper in our province.

To Kuya Eli, who I called my Guru and Kuya Banong, I want you and Sir Ka Domz to know that how I apppreciate your big help -- professionally, emotionally and financially -- ngayon na naririto ako sa aking pag-iisa.

Nais ko ring iparating ang maraming pasasalamat sa inyo -- mga kaibigan ko, mga kapatid sa media at mga


***Sundan sa pahina 6***


**PAPI PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES, INC.**

***MESSAGE***

*Greetings and heartfelt felicitations to the **BANTAYBALITA Publication** and its Publisher and staff personnel on their 1st founding anniversary.*

*One year of community newspaper publishing is surely an impressive saga of journalistic adventure, given the pitfalls and challenges inherent in our domestic print media terrain and landscape.*




*Your 1st founding anniversary thus marks a milestone upon which the Bantay Balita Publication can look forward to more solid and meaningful media service as well as profitable operations in the years ahead.*

*The Publishers Association of the Philippines Inc. (PAPI) is with you in your worthy advocacies and endeavors.*

*Once more, Congratulations. MABUHAY!!!*

**(Sgd) NELSON S. SANTOS**
**National President**


WE HEARD YOU ❣ ❣ ❣

Due to insistent request, we have decided to open our farm for DAY TRIPS!!!

Hoooooorayyyyyy!!!!😊

Our goal is to be a place of love and joy where guests come to spend time to enjoy themselves and enjoy nature. Starting August 25, 2023, families can now enjoy the ff. activities:

◈Animal Farm Tour and Feeding ◈ATV Ride◈Go Cart

◈Horse Back Ride◈Fishing

◈Billiards, Dart and Table Tennis ◈Dining

Prior booking is required. Hurry!! Call us today!

📞 +63 939 991 3468

☎ (046) 4020252

✉ ejplayandcampground@gmail.com

Location: Malagasang 1, Imus, Cavite